



# Ano ang Kanser?

Ang kanser ay nagsisimula kung may mga pagbabago sa mga gene ng isa o higit pang mga selula. Ang mga gene ay mga piraso ng DNA (deoxyribonucleic acid) na nasa loob ng bawat selula. Sinasabi ng ilang gene sa selula kung ano ang gagawin at kung kailan lalaki at maghahati-hati. Ngunit kapag nasira ang mga gene, ang selula ay maaaring maging selula ng cancer, at hindi ito gagana sa paraang nararapat. Sa oras na magsimula ang kanser, maaaring lumaki ito nang hindi makokontrol, matabunan ang mga normal na selula, at mapigilan ang mga normal na selulang gawin ang kailangan nilang gawin.

## Saan maaaring magsimula ang kanser?

Ang mga selula ng kanser ay maaaring mabuo sa anumang bahagi ng katawan, kabilang ang mga organo, kalamnan, buto, at dugo. Kadalasang pinapangalanan ang kanser para sa bahagi ng katawan o uri ng selula kung saan ito nagsimula. Halimbawa, ang kanser na nagsisimula sa suso ay tinatawag na kanser sa suso. Kahit kumalat ito sa ibang bahagi ng katawan, tinatawag pa rin itong kanser sa suso.

Sa kakayahan nitong kumalat sa ibang bahagi ng katawan nakikita kung paano naiiba ang mga selula ng kanser sa mga normal na selula. Ang pagkalat na ito ay tinatawag na metastasis. Ang mga selula ng kanser na ito ay maaaring mapunta sa mga lymph node o iba pang mga organo ng katawan na nagdudulot ng mga problema sa normal na pagkilos ng katawan.

Ang ilang uri ng kanser ay mabilis na lumalaki at kumakalat. Ang iba ay mas mabagal kung lumaki. Ang ilan ay mas malamang na kumalat sa ibang bahagi ng katawan. Ang iba ay mananatili sa kung saan sila nagsimula at hindi kakalat.

## Ano ang tumor?

Ang tumor ay isang bagay na lumago na binubuo ng maraming selula na nakakumpol. Ang ilang tumor ay kanser na nangangahulugang naglalaman ang mga ito ng mga selula ng kanser. Ngunit maraming tumor ang hindi kanser. Ang mga tumor na hindi kanser ay tinatawag na benign. Ang mga tumor na kanser ay tinatawag na malignant.

Ang ilang kanser ay hindi nagsisimula bilang mga tumor ngunit lumalabas dahil sa pagkasira sa mga selula sa dugo.

Ang mga nasirang selulang ito ay maaaring magdulot ng mga kanser na gaya ng leukemia, myeloma, at lymphoma.

## Ano ang nagdudulot ng kanser?

Ilang nakagawian sa paraan ng pamumuhay, gene na minana sa mga magulang, at ang pagkahantad sa mga bagay na nagdudulot ng kanser ay makakaapekto sa kung paano at kailan maaaring magsimula ang kanser. Ang mga bagay na ito ay maaaring makasira sa mga gene sa selula na paminsan-minsan ay maaaring mauwi sa kanser. Ngunit sa maraming pagkakataon, walang kilalang nagdudulot ng kanser.

Makakatulong ang mga taong mabawasan ang kanilang panganib na magkaroon ng kanser sa pamamagitan ng pag-iwas sa paninigarilyo, pananatiling mayroong malusog na timbang, pagkain ng masustansyang pagkain, pagiging aktibo, pag-iwas o paglilimita sa alkohol, at pagprotekta sa kanilang balat mula sa araw. Ngunit, may mga bagay na dumadagdag sa panganib ng isang taong magkaroon ng kanser na hindi nila makokontrol, gaya ng mga gene na nakukuha nila mula sa kanilang mga magulang at mga pagbabago sa mga selula na nangyayari habang tumatanda ang isang tao.

## Paano natatagpuan ang kanser?

Ang ilang kanser ay natatagpuan kapag ang isang tao ay may mga sintomas na hindi mawala-wala. Ang ibang kanser ay natatagpuan kapag ang isang tao ay nakakakuha ng mga regular na screening na pagsusuri. Nakakatulong ang screening sa pagtuklas ng ilang kanser bago magkaroon ng mga sintomas ang isang tao, kapag mas maliit ang mga kanser at mas madaling gamutin.

## Ano ang ibig sabihin ng yugto ng kanser?

Para sa karamihan sa mga uri ng kanser, isinasagawa ang mga pagsusuri para makita kung gaano ito kalaki, kung lumaki ito sa labas ng pinagmulan nito, at kung kumalat ito sa ibang bahagi ng katawan. Ito ay tinatawag na yugto ng kanser. Karamihan sa mga uri ng kanser ay binibigyan ng yugto mula yugto 1 na nangangahulugang ang kanser ay hindi talaga kumalat, hanggang sa yugto 4 na nangangahulugang kumalat ang kanser sa ibang bahagi ng katawan. Mayroon ding yugto 0 na nangangahulugang ang mga nasirang selula ay nasa layer lamang ng mga selula kung saan nagsimula ang mga ito. Ang mga selulang nasa yugto 0 ay hindi kanser ngunit maaaring maging kanser dahil nasira ang mga ito. Mahalaga ang yugto ng kanser dahil tinutulungan nito ang mga doktor na malaman kung ano ang pinakamabuting paggagamot.

Para sa ilang uri ng kanser, isinasagawa ang karagdagang pagsusuri sa mga selula ng kanser para makita kung mayroon silang mga pagbabago sa gene o protina na maaaring magpabuti sa ilang paggagamot.

## Paano ginagamot ang kanser?

Maraming uri ng kanser ay matagumpay na magagamot. Ang mga karaniwang paggagamot para sa kanser ay surgery, mga gamot, at radiation. Paminsan-minsan, mahigit isang uri ng paggagamot ang ginagamit, depende sa uri at yugto ng kanser. Ito ay dahil ang iba't ibang kanser ay tumutugon sa paggagamot sa iba't ibang paraan.

- Maaaring gamitin ang surgery para alisin ang bahagi o lahat ng kanser. Ang surgery ay maaaring natatanging paggagamot na kailangan kung ang kanser ay nasa isang lugar lamang, o maaari itong magamit kasama ang iba pang mga paggagamot.
- Ang radiation ay maaaring gamitin para mapuksa o mapabagal ang paglaki ng kanser sa isang bahagi ng katawan. Karamihan sa paggagamot na

radiation ay katulad ng pagpapa-x-ray. Sa ibang mga pagkakataon, ibinibigay ito sa pamamagitan ng paglalagay ng radioactive source sa loob o malapit sa tumor para maglabas ng radiation.

- Sa maraming pagkakataon, ginagamit ang gamot para mapatay ang mga selula ng kanser o mapabagal ang paglaki ng mga ito. Ang ilan sa mga gamot na ito ay itinuturok sa ugat sa pamamagitan ng karayum (IV), ang iba ay tabletang iniinom, at ang ilan ay maaaring maibigay sa ibang mga paraan. Ang bawat gamot ay gumagana sa iba't ibang paraan, at minsan, dalawa o higit pa ang magkasamang ginagamit para gamutin ang kanser. Ngunit gumagana ang lahat ng ito sa buong katawan mo, hindi lamang sa iisang lugar. Ang mga uri ng gamot na ginagamit para gamutin ang kanser ay chemotherapy, targeted therapy, immunotherapy, at hormone therapy.

Ang bawat paggagamot sa tao ay batay sa uri at yugto ng kanilang kanser. Tinitingnan ng cancer care team kung saan nagmula ang kanser, kung gaano ito kalaki, kung kumalat na ito, at ang lahat ng resulta ng pagsusuri. Ang edad ng isang tao at iba pang mga problema sa kalusugan ay maaari ring makaapekto sa mga piniling paggagamot. Kapag ang cancer care team ay mayroong impormasyong kailangan nila, tinitingnan nila ang mga patnubay sa paggagamot mula sa mga dalubhasa upang makita kung ano ang pinakamalamang na gagana.

Pagkatapos makita kung ano ang mga magagamit na opsyon sa paggagamot, tatalakayin ng cancer care team ang mga ito sa taong may kanser. Sama-sama, ang taong may kanser at ang cancer care team ay magpapasya kung ano ang pinakamahusay na paggagamot. Naririyang din ang cancer care team sa kabuuan ng paggagamot upang sagutin ang mga tanong, mapangasiwaan ang mga side effect, at masabaybayan kung paano gumagana ang paggagamot.

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org**. Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



cancer.org | 1.800.227.2345

TAGALOG  
©2021, American Cancer Society, Inc.  
Blg. 004506-Nirebisa 11/21

